

Ang eksperimento sa tourism bubble ng El Nido

Dumating si Tourism secretary Bernadette Romulo-Puyat sa El Nido ngayong linggong ito upang pangasiwaan ang mga paghahanda ng bayang ito sa muling pagbubukas ng turismo ngayong Nobyembre. Kung matutuloy ang mga plano, ang dating buhay na buhay na turismo ay magbubukas para sa mga negosyo at pasyalan ng mga bisitang manggagaling sa mga lugar na idineklara nang nasa general and moderate quarantine areas (GCQ and MGCQ), pero sasailalim pa rin sa mga itinakdang protocol sa kalusugan upang maiwasan ang pagkalat ng covid 19.

Kasama sa protocol ang pagkakaroon ng katibayan ng pagpasa mula sa RT-PCR test ng mga bibisita, pagkakaroon ng social distancing, pagsusuot ng mga face mask at pagsunod sa mga katulad pang pangunahing pangkalusugang protocol na itinatakda ng Inter-Agency Task Force (IATF) sa Maynila.

Parehong isinusulong ng DOT at lokal na pamahalaan ang maagang pagbubukas ng turismo at mga pasyalan sa Palawan simula ng sumailalim ito sa mas maluwag na patakaran ng MGCQ noong Hunyo. Ito ay sa kabila ng pagkakaroon ng biglaang pagtaas ng kaso ng COVID at lokal na pagkakahawaan sa Puerto Princesa at Coron na syang mga pangunahing puntahan bago pa magkaroon ng pandemya.

Ang pagsisikap na ito ay malaking hakbang upang mabalanse ang turismo at ang paghihigpit dulot ng pandemya na nagbunga ng pananatili sa tahanan ng mga manggagawa at madalas na paghuhugas ng kamay. Natamaan ng husto ang El Nido, lalo pa't ang pangunahing pangkabuhayan dito ay umaasa sa turismo. Matatandaang nagtala lamang ng 2 kaso ng positibo sa COVID-19 ang El Nido simula ng magkaroon ng krisis pangkalusugan, kaya't tila epektibo ang sobrang paghihigpit dito.

Gusto ng DOT nahimuking palakasin muli ang mga pasyalan dito kaya pinayagang magbukas ang isa sa kadalasang pinupuntahan sa lugar, ang El Nido Resorts, upang simulan ang tourism bubble experiment noong Hulyo. Inilipad ang mga turista sa lugar sa ilalalim ng mahigpit na pagbabantay upang mapanatili ang mabuting lagay ng kalusugan ng mga tao. Nagtagumpay naman ang eksperimentong ito kung kaya nga nais ng lokal na pamahalaan at ng DOT na palawigin pa ang pagbubukas ng ibang lugar.

Kung ano ang kalalabasan ng El Nido mula sa eksperimentong ito ay nakasalalay sa mga itinatakda ng DOT at ng lokal na pamahalaan kabilang na ang mahigpit na pagpapatupad ng pangkalusugang pamantayan upang masigurong hindi malalagay sa alanganin ang kalusugan ng mga mamamayan. Lalo pa't ang mga kasalukuyang nangyayari sa ibang lugar ay nagpapakita ng kakaibang katatagan ng virus na lumakas at manalantang muli kapag lumuluwag na ang ating pamantayang pangkalusugan.

Maaari ring masabi na dahil dito kamakailan ay mayroong pinasinayaang pasilidad na may kakayanang maglagay ng 17 kama para sa mga kritikal na tatamaan ng sakit, na sa matagal na panahon ay wala namang ganito. Nagbabalak din umano ang lokal na pamahalaan na magkaroon ng RT-PCR na pasilidad upang agad na masuri ang posibleng magdala ng sakit na COVID-19.

Nangunguna ang Palawan sa muling pagsulong ng turismo sa bansa. Ang tagumpay nito ay nakasalalay sa kakayanan nitong hindi tumaas ang bilang ng tatamaan ng virus na magmumula sa mga bibisita, kung susuwertihin tayo.